



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-15 ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-28 NG DISYEMBRE, 2021 IKA-10:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno	- Pangalawang Punong Bayan
Kgg. Jerwin S. Dimapilis	
Kgg. David D. De La Cruz	
Kgg. John John S. Yason	
Kgg. Robert S. Quiatchon	
Kgg. Lucille T. Bacay	
Kgg. Juan Rafael M. Talens	
Kgg. Ronel S. Sescar	
Kgg. Veil Charlleo B. Cusi	
Kgg. Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay
Kgg. Elmira May V. Tarac	- Pangulo, SK Mun. Federation

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 592
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO KGG. LEE MEDINA BACULINAO.

- SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang dating kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;
- SAPAGKAT, si Kgg. Lee Medina Baculinao ay naging miyembro ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro mula Hulyo, 2010 hanggang Hunyo, 2013;
- SAPAGKAT, bilang isang lingkod bayan ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan;
- SAPAGKA'T, sa kanyang mga naging kasama sa paglilingkod gayundin ng mga kawani sa iba't ibang tanggapan ng pamahalaang bayan, ipinamalas ni Kgg. Lee M. Baculinao ang mabuting pakikitungo, paggalang at pagturing na mga kaibigan sa lahat;


GUALBERTO V. MAGNO


FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang dating lingkod-bayan, Kgg. Lee M. Baculinao.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat =

IPINASIYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating kagawad ng Sangguniang Bayan ng bayang ito, Kgg. Lee M. Baculinao ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.


IPINASIYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Kgg. Lee M. Baculinao lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 28 Disyembre 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan